



APPLE O ATIS: ISANG PAG-AARAL SA K-2

Eleanor Eme E. Hermosa

[Pinaikling ulat ng research report na pinamagatang Filipino Bilang Wikang Panturo sa K-2 na ginawa nina Patrocinia M. Abanto, Lydia L. Cuevas, Leonor E. Diaz, Aida R. Eustaquio, Zosima S. Medrano, Belen M. Mena, Ma. Victoria R. Mendigo, Elena A. Mendoza, Ma. Cecilia Sarabia, Eflada P. Tolentino, at Lourdes M. Vilorio at pinamunuan ni Felicitas E. Pado]

Nang ang UP Integrated School ay nagdesisyon na gamitin ang Filipino bilang wikang panturo [WPn], naging isang hamon sa Departamento ng Kindergarten - Grado 2 [K-2] na palitan ang kanilang WPn.

Problemang Pananaliksik at ang Kahalagahan nito

Gumawa sila ng isang action research noong 1991 na naglayong bumuo ng isang programa sa pagtuturo at mga kagamitang panturo sa Filipino. Itinuring nilang lubhang mahalaga ang pag-aaral na ito sa mga sumusunod na dahilan:

- Sa loob ng maraming taon, ang ginagamit na wikang panturo sa UPIS sa halos lahat ng asignatura ay Ingles. Kahit na alam ng mga guro at palaging idinidiin ng mga eksperto na ang bata ay mas madaling matuto kung ang ginagamit na WPn ay wikang sarili, nais pa rin nila na magkaroon ng research-based data tungkol sa kabuluhan ng wikang Filipino bilang WPn. Naisip nila na mas madali ang pagtanggap ng pagpalit ng WPn kung makikita ng mga ibang guro na mas madaling ituro ang lahat ng asignatura lalo na ang Agham at Matematika kung Filipino ang gagamiting WPn.
- Isang kritikal na paksa ng Departamento ng Edukasyon, Kultura at Sports ang pagpasyahan kung ano ang gagamiting WPn. Iba't-ibang palisi ng wika ang ipinatupad, gaya ng

Bilingual Policy at ang paggamit ng vernacular, nguni't hindi pa rin matatag ang pasya tungkol sa wikang panturo. Maraming sektor ng pamahalaan ang naniniwalang kapag Filipino ang ginamit na wika sa mga paaralan, magiging mahina ang pundasyon ng mga mag-aaral. Maliwanag na kinikilingan ang paggamit ng Ingles, na isa namang itinuturing na dahilan ng hindi pag-uswag ng edukasyon sa Pilipinas. Layunin ng pananaliksik na ito ang lubos na masuri kung sa aling WPn mas mabilis at mas makabuluhan ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Maaaring maipamahagi ang resulta nito sa mga kinauukulan at maaaring maging basehan sa pagpapasya tungkol sa WPn.

- Maaaring makatulong ang programa sa pagtuturo at ang mga kagamitang panturo na mabubuo o maisasalin mula sa Ingles sa ibang paaralan na nagnanais na gumamit ng Filipino bilang WPn, nguni't umuuring-sulong dahil sa kasalatan ng angkop na programa at mga kagamitang panturo.

Pamamaraan ng Pananaliksik

Nagkaroon ang mga guro ng K-2 ng ilang miting para mapag-aralan ang pinakamabuting paraan ng pagbabago. Napagkasunduan nilang maghati-hati ng trabaho ayon sa baitang na tinuturuan. Gumawa ang bawat grupo ng mga sumusunod:

1. pagsusuri ng ginagamit na programa at kagamitang panturo
2. paglista ng mga maaaring pagbabago sa programa at sa kagamitan base sa pagpalit ng wikang panturo
3. pagsasa-Filipino ng mga kagamitang panturo na nakasulat sa Ingles [workbuk sa Math at Agham]
4. pagpili at paghahanda ng mga bagong kagamitang panturo

Gumawa sila ng isang action research noong 1991 na naglayong bumuo ng isang programa sa pagtuturo at mga kagamitang panturo sa Filipino.

